Tagalog

Buhay sa Paaralan

Gabay sa Pamilya ng Baguhan

Nagbibigay ang gabay na ito ng pangkalahatang impormasyon tungkol sa mga pampublikong paaralan ng Nova Scotia.

Kung mayroon kang mga katanungan at hindi mahanap ang sagod dito, mangyaring makipag-ugnayan sa inyong lokal na paaralan, inyong Regional Centre for Education (RCE) o Conseil scolaire acadien provincial (CSAP).

Taon ng Eskwela (Kalendaryo)

Sa pangkalahatan, nagsisimula ang mga klase ng mga pampublikong paaralan ng Nova Scotia sa unang bahagi ng Setyembre at nagtatapos sa huling bahagi ng Hunyo. Nagpapatuloy ang SchoolPlus sa summer.

- Nahahati sa tatlong termino ang taon ng ekwela para sa antas ng primary hanggang 9.
- Nahahati sa dalawang semester ang taon ng eskwela para sa antas 10 hanggang 12.
- Tumatakbo ang pre-primary program para sa sumusunod na kalendaryo ng ekwela.
- Nagpapahinga ang mga paaralan sa Disyembre at Marso.

Makakahanap ka ng isang kalendaryo para sa paaralan ng iyong anak sa iyong lokal na RCE o website ng CSAP. Bibigyan ka ng kalendaryo ng mga saktong petsa kung kailan nagsisimulat nagtatapos ang taon ng eskwela ng iyong anak, pati na rin ang lahat ng holiday sa paaralan. Kabilang din nito ang ilang pagkakataong sarado ang paaralan para sa mga mag-aaral.

Halimbawa, sarado ang paaralan sa mga araw ng “Propesyunal na Pag-unlad” at “Pagsusuri,” kung kailan okupado ang mga guro sa propesyunal na pag-aaral o ay naghahanda ng mga report card.

Kaligtasan sa Paaralan

Nakikipag-ugnayan ang Kagawaran ng Edukasyon at Pag-unlad ng Maagang Bata sa mga RCE, ang CSAP, kawani ng paaralan, at marami pang katuwang upang siguraduhing lugar kung saan makakapag-focus ang mga mag-aaral sap ag-aaral at nagagawa ng mga kawani ang kani-kanilang trabaho nang ligtas sa mga paaralan ng Nova Scotia.

Upang matuto pa tungkol sa kaligtasan sa paaralan, bisitahin ang: https://www.ednet.ns.ca/school-safety.

Mga araw ng masamang panahon

Kung masama ang panahon, maaaring magbukas ng huli, magsara nang maaga, o manatiling nakasara ang paaralan ng inyong anak.

Matutunan pa ang mga pagsara ng paaralan sa mga araw ng masamang panahon sa pamamagitan ng:

- pakikinig sa inyong lokal na balita sa radio o telebisyon
- pagsuri sa website ng RCE/CSAP
- pagsuri sa social media ng paaralan
- pagsuri sa email o mga mensaheng text para sa mga abiso mula sa paaralan

Tanuning ang paaralan sa maagang bahagi ng taon kung paano makatanggap ng mga awtomatikong abiso, gaya ng mga text, tungkol sa mga pagsara ng paaralan.

Tingnan ang seksyon na **“Ang Bus ng Paaralan”** sa ibaba para sa impormasyon tungkol sa pagiging available ng bus ng paaralan sa masamang panahon.

Bago at Pagkatapos ng Eskwela

Suriin ang website ng iyong paaralan para malaman ang simula at pagtatapos ng araw ng bawat eskwela.

Pinangangasiwaan ang mga mag-aaral sa schoolyard nang 20 minuto bago magsimula ang eskwela sa umaga, bago ang bell, at 20 minuto pagkatapos ng araw, pagkatapos ng bell. Siguraduhing hindi naiwan sa bakuran ng paaralan ang iyong anak.

Responsibilidad ninyong siguraguhing naaalagaan ang inyong anak bago at pagkatapos ng eskwela. Kung kailangan ninyo ng tulong sa paghahanap ng pangangalaga sa inyong anak, tanuning ang inyong paaralan.

Maaaring available sa inyong lugar ang isang “before- and after-school program.” Para sa higit pang impormasyon, kabilang ang listahan ng mga lokasyon ng programa ayon sa rehiyon, tingnan ang Before and After Program sa aming website.

Mga pahinga habang araw

- **Recess:** Mayroong pahinga sa kalagitnaan ng umaga ang mga mag-aaral ng primary hanggang grade 6 na tinatawag na recess.
- **Tanghalian:** Mayroong pahinga sa tanghalian ang lahat ng paaralan sa kalagitnaan ng araw.
- **Pangangasiwa:** Sa buong araw sa eskwela, pinapangasiwaan ng personnel ng paaralan ang mga mag-aarawl sa panahon ng klase at mga pahinga (hal., recess, tanghalian) at tuwing gumagalaw sa gusali ng paaralan (hal., gumagalaw sa pagitan ng mga klase).

Ang bus ng Paaralan

Maaaring maging kwalipikado ang iyong anak sa libreng transportasyon sa bus ng paaralan. Dumedepende ang pagiging kwalipikado sa distansiya mula sa paaralan at antas. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na paaralan para sa karagdagang impormasyon tungol sa pagiging kwalipikado at pagrehistro ng iyong anak para sa bus ng paaralan.

Alamin kung saan makakasakay ng bus ang iyong anak at tiyaking darating sila sa hintuan nang nasa tamang oras sa umaga.

Mahalaga ang kaligtasan sa bus sa paaralan, at may gampanin ang lahat, kabilang ang mga drayber, mag-aaral, at pamilya, na tiyakin ang kaligtasan sa bus ng paaralan.

Maaaring hindi masuno ng bus ang iyong anak sa masamang panahon. Kailangan ninyong maghanda na ibaba ang inyong anak mamaya, sunduin sila nang mas maaga, o panatilihin silang nasa bahay aa lahat ng araw na ito. Suriin sa inyong paaralan upang matukoy ang karapat-dapat na kurso ng aksyon.

Pagdalo at pagkahuli sa paaralan

Pre-primary

Opsyonal ang pre-primary program, ngunit hinihikayat namin ang mga bata na dumalo araw-araw. Nakakatulong ang regular na pakikilahok sa inyong anak na maging komportable sa nakagawian, bumuo ng pakikipagkaibigan, and linangin ang mga kakayahan na kailangan nila para sa maayos na paglipat sa paaralan.

Lahat ng iba pang antas

- Kailangan dumalo sa paaralan araw-araw ng mga mag-aaral sa antas na primary hanggang 12 maliban kung may sakit, mayroong appointment na medikal, o mayroong pahintulot ninyo. Kailangang dumating ang mga mag-aaral sa tamang oras araw-araw.
- Suriin sa inyong paaralan upang kumpirmahin ang proseso ng pag-uulat ng mga pagliban at mga huling pagdating.
- Kung liliban sa paaralan ang inyong anak nang mahabang panahon, sabihin agad ito sa guro.
- Upang makakuha ng course credit sa high school, inaasahan ang mga mag-aaral na maging present sa hindi bababa sa 80% ng oras ng klase. Tingnan ang *Patakaran sa Pagdalo ng Mag-aaral at Pakikipag-ugnayan* para sa higit pang impormasyon.

Pagkain sa paaralan

Programang almusal

Mas handa para makipag-ugnayan at matuto sa paaralan ang mga mag-aarawl na sinimulan ang kanilang araw nang may almusal. Available ang programang almusal sa lahat ng bata nang libre, at hindi kailangan ng pagrehistro. Pakisuri sa inyong paaralan para matuto nang higit pa kung ano ang inaalok nito.

Meryenda

Pre-primary: Binibigyan ng dalawang masusustansiyang meryenda ang mga bata sa pre-primary araw-araw.

Mga antas primary hanggang 12: Maaaring magdala ng meryenda ang mga mag-aaral, dagdag sa kanilang mga item sa tanghalian, upang kainin kung naaayon.

Tanghalian

Ibinibigay ang masustansiyang tanghalian sa mga mag-aaral na dumadalo sa mga pampublikong paaralan sa buong probinsya ng Nova Scotia. Inaalok ang programang ito sa mga mag-aaral sa elementarya, middle, at junior high school.

Para sa higit pang impormasyon: Bisitahin ang website ng Programa sa Tanghalian ng Paaralan ng Nova Scotia.

Pagdadala ng pagkain mula sa bahay

- Kung nagdadala ng pagkain mula sa bahay ang inyong anak, tiyakin na ligtas itong kainin sa room temperature o gumamit ng mga ice pack para panatilihin itong malamig.
- Dapat lagyan ng label ng pangalan ng inyong anak ang mga lunch bag.

Tandaan: Hinihikayat ang mga mag-aaral sa antas na primary hanggang 12 na magdala ng bote ng tubig o mag-refill ng inuming tubig sa buong araw.

Pagkain at iba pang allergy

- Kung may allergy ang inyong anak, sabihin ito sa paaralan kapag nagparehistro.

Alam ang amoy na mga paaralan

May allergy sa amoy mula sa mga sangkap at kemikal sa mga cosmetic ang ilang tao (pabango, makeup, shampoo, deodorant, atbp.). Walang amoy ang karamihan ng paaralan. Nangangahulugan ito na iminumungkahi ng mga paaralan ang mga mag-aarawl at kawani na hindi gumamit ng mga may amoy na produkto bago pumunta sa paaralan. Maghanap ng mga produkto na walang amoy para sa iyong pamilya at hikayatin ang iyong anak na huwag gumamit ng may amoy na mga produkto bago pumunta sa paaralan.

Pagdadamit para sa paaralan at ang panahon

Gugugol ng oras sa labas ang lahat ng mga mag-aaral sa panahon ng araw ng eskwela. Maaari itong bago magsimula ang eskwela, kapag nagtatapos and eskwela, o habang recess, tanghalian, at oras ng paglalaro. Kapag masama ang panahon, maaaring magdesisyon ang paaralan na panatilihin ang mga mag-aaral sa loob ng bahay buong araw.

Tiyakin na nagdadamit nang tama ang inyong anak para sa panahon:

- Sa summer, maaaring kailanganin ng inyong anak ng sun hat at sunscreen.
- Sa tag-ulan, maaaring kailanganin ng inyong anak ng botas at isang waterproof coat.
- Sa taglamig, kakailanganin ng inyong anak ng isang mainit-init na coat, mga botas, mga mitten, at isang hat.
- Maaari ring hilingin ng paaralan ng inyong anak na magkaroon ng isang pares ng “indoor” na sapatos ang inyong anak na pagpapalitan.

Pre-primary: Gumugugol ng hindi bababa sa 40% ng araw sa labas ang mga bata sa pre-primary. Nasa labas sila sa magkakaibang kundisyon ng panahon at maaaring Mabasa at maging makalat habang naglalaro sa tubig, putik, buhangin, mga dahon, at niyebe. Mangyaring magpadala ng mga extra na damit sa inyong anak bawat araw para makapagpalit sila, kung kinakailangan. Sasabihin ng early childhood educator (ECE) sa pre-primary ng inyong anak kung anong damit ang kakailanganin ng inyong anak.

- Maaaring available ang “Muddy Buddies” sa paaralan ng inyong anak. Mga one-piece suit ang mga ito, na nagpoprotekta sa mga bata at kanilang damit. Sasabihin sa inyo ng ECE kung available ang Muddy Buddies para sa inyong anak.

Kalusugan at kaligtasan

Kung nagkasakit o nagkasugat ang inyong anak, tatawag ang kawani ng paaralan sa inyo sa numero ng teleponong ibinigay ninyo para sa mga emergency. Kung hindi kayo maabot ng paaralan, makikipag-ugnayan sila sa tao ng pakikipag-ugnayan sa emergency na nakalista sa form ng pagpaparehistro. Kung seryoso ang sakit or sugat, tatawagin ng paaralan ang 911, at sasamahan ng isang miyembro ng kawani ang inyong anak sa hospital.

Dati nang umiiral na mga medikal na kundisyon: Kung nirehistro mo ang inyong anak, mangyaring ipaalam sa paaralan ang alinmang medikal na kundisyon. Tinutulungan nito ang paaralan na kumonekta sa Nars ng Pakikipagtulungan sa Kalusugan sa Paaralan, na maaaring tumulong sa inyo, sa inyong anak, at mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan upang tukuyin ang naaangkop na plano para mag-alaga sa inyong anak sa paaralan. Available ang mga serbisyo sa pagsasalin sa wika kung kailangan mo sila.

Mga cell phone: Nalikha ang Provincial Directive sa Paggamit ng Cell Phone sa Mga Paaralanu pang suportahan ang pag-aaral ng mga mag-aaral, kaligtasan, at mga positibong interaksyon. Para sa impormasyon sa paggamit ng cell phone sa panahon ng araw ng paaralan, tingnan ang Provincial Directive on Cell Phone Use in Schools sa aming website.

Mga pamamasyal sa paaralan o field trip

Mahalagang bahagi ng programa ng paaralan ang mga pamamasyal sa paaralan o field trip. Maaaring ayusin ng mga guro para sa mga mag-aaral para bisitahin ang isang museo, teatro, o iba pang lokasyon. Kailangan mong bigyan ng nasusulat na pahintulot ang paaralan upang dalhin ang inyong anak sa mga trip na ito. Magdadala pauwi ang inyong anak ng isang form ng pahintulot para pirmahin mo at ibalik sa guro bago ang outing o field trip.

Mga gamit sa paaralan

Pre-primary: Binibigyan ang mga bata na dumadalo sa pre-primary ng lahat ng gamit sa paaralan.

Mga antas primary hanggang 12: Kailangan magdala ng mga mag-aaral ng kanilang sariling gamit sa paaralan araw-araw. Kinabibilangan ng mga gamit na ito ang mga lapis, pambura, papel, atbp. Ibinibigay ng paaralan ang karamihan ng iba pang gamit sa pag-aaral at mga materyales, gaya ng mga libro at teknolohiya.

Magpo-post ang paaralan ng inyong anak ng isang listahan ng mga gamit na kailangan mong bilhin bago ang simula ng paaralan sa Setyembre.

Kung kailangan mo ng tulong sa pagbili ng mga gamit sa paaralan, mangyaring ipaalam sa inyong paaralan o makipag-ugnayan sa SchoolsPlus, YMCA School Settlement Program o YREACH, o Immigration Francophone (tingnan ang huling seksyon).

Aklatan: May isang aklatan ang karamihan ng paaralan. Maaaring manghiram ng mga libro mula sa aklatan upang basahin nang libre at dahil sa bahay ang inyong anak. Kailangan silang ibalik.

Mga personal na gamit

Responsable ang inyong anak para sa kanilang mga personal na gamit habang nasa paaralan. Maaaring may locker ang ilang paaralan kung saan mapapanatiling ligtas ang mga gamit ng inyong anak. Makakatulong na ilagay ang pangalan ng inyong anak sa lahat ng kanilang gamit.

Hindi dapat magdala ng malalaking halaga ng pera o iba pang mamahalin at mahahalagang item sa paaralan. Hindi responsable ang paaralan para sa mga nawala, nasira, o nanakaw na item.

Hindi dapat magdala ng malalaking halaga ng pera o iba pang mamahalin at mahahalagang item sa paaralan. Hindi responsable ang paaralan para sa mga nawala, nasira, o nanakaw na item.

Portal ng Mag-aaral at Magulang

Pinamamahalaan sa isang elektronikong Sistema ang impormasyon ng mag-aaral na tinatawag na PowerSchool, kung saan nakikita ang real-time na impormasyon ng mga mag-aaral at mga magulang/tagapag-alaga, gaya ng iskedyul sa klase, mga takdang-aralin, mga grado, pagdalo, mga komento ng guro, at iba't ibang abiso ng paaralan. Para ma-access ang portal, tanungin ang kawani ng opisina ng paaralan para sa username at password at bisitahin ang: www.ednet.ns.ca/inschool/students_parents.

GNSPES at Google Workspace para sa Edukasyon

Bibigyan ng account na GNSPES o SEPNE (sa mga paaralang CSAP) na may username at password ang mga mag-aaral. Nagbibigay ng pag-access ang account sa iba't ibang gamit sa digital nap ag-aaral at mga mapagkukunang inaprubahan para sa Sistema ng pampublikong edukasyon ng Nova Scotia.

Maaari ring gamitin ng mga mag-aaral at guro ang Google Workspace para sa Edukasyon upang lumikha, mag-store, at magbahagi ng mga dokumento, at makipag-usap sa isa't isa.

Para sa suporta sa kanilang GNSPES account o sa paggamit ng anuman sa mga digital na mapagkukunan, maaaring hilingin ng mga mag-aaral sa kanilang guro sa silid-aralan o guro sa English as an Additonal Language (EAL) o French as an Additional Language (FAL) para sa tulong.

Homework Hub

Nova Scotia HomeworkHUB

APPUI auxdevoirs Nouvelle-Écosse

Isang bilingual (Ingles at Pranses) na online na platform para sa mga mag-aaral sa antas na 4 hanggang 12 na nag-aalok ng mga mapagkukunan para tulungan pahusayin ang pagkakaunawang matematika ang Nova Scotia Homework Hub kabilang ang:

- mga leksyong video
- mga tanong sa pagsasanay na may agarang feedback
- mga digital na bersyon ng mga librong matematika
- basic, siyentipiko, at mga graphing na calculator
- mga digital na flashcard ng bokabularyo sa matematika
- libre at anonimong matematika na nagtuturo nang may sertipikadong guro ng Nova Scotia:
  - Para sa online na pag-tutor, maaaring mag-click ang mga mag-aaral sa icon na Tutor sa Homework Hub. Hindi kasali ang mga camera sa online na pag-tutor; nagbabahagi ng impormasyon gamit ang isang digital na whiteboard ang mga mag-aaral at tutor.
  - Para sa pag-tutor sa telepono, maaaring tawagan ng mga mag-aaral ang 1-888-444-6607. Kailangan magbigay ng numero ng ID ng mag-aaral ang mga mag-aaral kapag tumatawag sila.

Maa-access ng mga mag-aaral ang Homework hub sa pamamagitan ng pag-log sa kanilang GNSPES account at pagpili sa icon na Homework Hub.

Mga extracurricular na aktibidad

Mga aktibidad ito, gaya ng sports at ang banda sa paaralan, na ginagawa sa paaralan ngunit sa labas ng mga oras ng regular na silid-aralan. Maaari mong isaalang-alang na hikayatin ang inyong anak na sumali sa mga extracurricular na aktibidad, na makakatulong sa inyong anak na pahusayin ang kanilang Ingles/Pranses na kakayahan, makipagkaibigan, at mag-adjust sa kanilang bagong tahanan sa probinsya.

SchoolsPlus

Schools Écoles Plus
NOVA SCOTIA / NOUVELLE-ÉCOSSE

Nagbibigay ang SchoolsPlus ng malawak na saklaw ng mga programa at suporta para sa mga mag-aaral, pamilya, at paaralan. Inaalok ang mga programang ito sa pamamagitan ng isang malawak na saklaw ng pakikipagtulungan, na nagdadala ng mga serbisyo sa isang lokasyon at ginagawa ang paaralan bilang hub ng suporta ng komunidad. Nirerespeto at ina-address ng mga serbisyong ibinibigay sa bawat paaralan ang mga kakaibang pangangailangan ng partikular na komunidad na iyon.

Maaaring kasama sa mga programa ang:

- mga programa sa pagiging magulang at mga suporta
- libangan, social, at mga aktibidad na pang-arts
- pagbabahagi ng mga kakayahan
- mga gawaing pangkultura
- mga programang panggrupong idinesenyo para sa suporta (hal., mga programa para sa mga teen na babae at teen na lalaki, mga programa sa pagkabalisa at laban sa pambu-bully)

YMCA

Para suportahan ang paglipat ng iyong pamilya sa bagong komunidad ng paaralan, maaaring hilingin mo at ng inyong anak na lumahok sa mga programang pangkomunidad, gaya ng YMCA.

Available ang YMCA School Settlement Program sa Halifax Regional Municipality (HRM) at sa mga komunidad sa labas ng HRM na mayroong YREACH Program.

Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang mga Programang Pang-baguhan sa website na YMCA.

Francophone sa Imigrasyon

Isang non-profit na organisasyon sa Halifax ang Immigration Francophone de la Nouvelle-Écosse (IFNÉ) na nag-aalok ng libreng serbisyo sa kasunduan sa mga baguhang Francophone. Available ang mga serbisyo bago at pagkatapos ng inyong pagdating. Tumutulong sa mga pamilya **sa buong probinsya** na permanenteng residente at kung sinong mga anak ay dumadalo sa mga paaralan ng CSAP ang School Settlement Worker ng IFNE. Ibinibigay ang mga serbisyo sa paaralan.

Impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Para sa higit pang impormasyon, makipag-ugnayan sa Regional Centre for Education (RCE) o Conseil scolaire acadien provincial (CSAP).

- **Annapolis Valley Regional Centre for Education** (AVRCE)
- **Cape Breton-Victoria Regional Centre for Education** (CBVRCE)
- **Chignecto-Central Regional Centre for Education** (CCRCE)
- **Conseil scolaire acadien provincial** (CSAP)
- **Halifax Regional Centre for Education** (HRCE)
- **South Shore Regional Centre for Education** (SSRCE)
- **Strait Regional Centre for Education** (SRCE)
- **Tri-County Regional Centre for Education** (TCRCE)
- **Nagdadala ng malawak** na mga serbisyo at suporta ang SchoolsPlus, at available sa bawat paaralan sa Nova Scotia.

Para sa suporta sa inyong komunidad, makipag-ugnayan sa:

- **School Settlement ng YMCA:** available sa buong probinsya
- **YREACH:** available sa labas ng Halifax Regional Municipality (HRM)
- **Francophone sa Imigrasyon:** available sa pamamagitan ng inyong School Settlement Worker